# BC PharmaCare

## Offloading devices

Ang BC PharmaCare ay tumutulong sa pagbayad para sa offloading devices. Ang offloading devices ay foot orthotics at adaptive shoes na tumutulong sa mga táong mag-recover mula sa diabetic foot ulcers.

### Sino ang sinasakop

Ang coverage ay available para sa mga táong:

- Nadiyagnos ng diabetic foot ulcer
- Tumatanggap ng eligible treatment sa isang aprobadong B.C. outpatient o ambulatory clinic
- Handang mag-transisyon sa isang offloading device
- Sakop sa ilalim ng Fair PharmaCare, Plan C (BC Income Assistance), o Plan B (Long-term Care)

Kung wala kang Plan C o Plan B coverage, magrehistro para sa Fair PharmaCare plan. Ito'y libre. Ang coverage ay batay sa iyong income. Magrehistro sa gov.bc.ca/ahdc o tawagan kami sa 1-800-663-7100. Ang halaga ng coverage sa ilalim ng Fair PharmaCare ay depende sa iyong taunang deductible at family maximum.

### Paano ito gumagana

1. Dapat ay nagpapatingin ka para sa iyong foot ulcer sa isang aprobadong B.C. outpatient o ambulatory clinic
2. Ang isang clinic nurse o doktor ang magpapasiya kung handa ka nang mag-transisyon sa isang offloading device sa loob ng dalawang linggo.
3. Irerefer ka ng clinic sa isang orthotist na naka-enroll sa PharmaCare. Matutulungan ka ng orthotist na mag-apply para sa PharmaCare coverage para sa offloading devices na inireseta para sa iyo.

### Para sa karagdagang impormasyon

Tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 8 pm at Sabado 8 am hanggang 4 pm

- Mula sa Lower Mainland: 604-683-7151
- Mula sa ibang bahagi ng B.C., toll-free: 1-800-663-7100

### Online resources

- Magrehistro para sa Fair PharmaCare: gov.bc.ca/ahdc
- Aprobadong outpatient at ambulatory clinics: www.gov.bc.ca/PharmaCareTotalContactCastingClinics
- Mga naka-enroll na orthotist: www.gov.bc.ca/PharmaCareOrthoticProviders